Republic of the Philippines
Department of Environment and Natural Resources
MIMAROPA Region
**COMMUNITY ENVIRONMENT AND NATURAL RESOURCES OFFICE**
**Brooke's Point, Palawan**

Agosto 16, 2023

**ROMEO T. MELNOCAN PANLIMA**
Sitio Bagong Sikat
Barangay Barung-Barung
Brooke's Point, Palawan
melnocanromeo2@gmail.com

**Ginoong Melnocan Panlima**,

Ang sulat na ito ay kaugnay sa isyu na idinulog sa 8888 Complaint Hotline na ipinaabot sa aming opisina at aming natanggap nonng Agosto 15, 2023. Ang nasabing isyu ay patungkol sa inyong panawagan at nais na huwag makalbo ang bundok ng Barung Barung, Brooke's Point, Palawan dahil sa operasyong pagmimina ng Ipilan Nickel Corporation.

Nais po naming ipabatid sa inyo na ang isyung ito ay ipinaabot din ng 8888 Complaint Hotline sa Mines and Geosciences Bureau MIMAROPA Region, na kung saan ito ay kanila pong opisyal na sinagot. Lakip po nito ang kopya ng kanilang sulat sa inyo na may petsang Agosto 14, 2023 bilang sagot sa inyong reklamong idinulog na kung saan ay naipaliwanag po ang patungkol sa .Mineral Production Sharing Agreement (MPSA) na naaprubahan ng Pangulo ng ating bansa alinsunod sa Executive Order No. 279, Series of 1987.

Bilang karagdagan po ay aming ipinababatid sa inyo na ang kumpanyang Ipilan Nickel Corporation ay patuloy ang isinasagawang pagtatanim ng punong kahoy sa lugar ng kanilang MPSA at sa iba pang lugar na sakop ng National Greening Program (NGP) at patuloy din po sa pagpupunla, pagpapatubo at pag-aalaga ng mga itatanim pang punong kahoy. Ang proyektong pagtatanim ng punong kahoy ng nasabing kumpanya ay kanila pong pinopondohan o ginugugulan sa loob ng tatlong (3) taon simula sa pagtatanim at ang lokal na komunidad po ang kanilang katuwang sa nasabing proyekto upang makapagbigay ng karagdagang pagkakakitaan at kabuhayan. Ang naturang proyekto ay masusing sinusubaybayan ng aming opisina at ginagawan ng ulat bilang bahagi po ng aming gampanin sa pagpapatupad ng mga batas sa pangagalaga ng ating kalikasan.

Asahan po ninyo na ang aming opisina, DENR-CENRO Brooke's Point, ay kaisang diwa ating mga mamamayan at pamahalaan sa pangangalaga ng kalikasan at pagpapatupad ng mga batas at alituntunin. Dahil po dito ay masusi naming susubaybayan ang mga aktibidades at gawain ng Ipilan Nickel Corporation base sa Terms and Condition ng kanilang Mineral Production Sharing Agreement (MPSA),